Ang impormasyon sa buod na ito ay ibinahagi ng [PAMALAKAYA-Pilipinas](), ang pinakamalaking pederasyon ng maliliit na organisasyong mangingisda sa Pilipinas. Pinahahalagahan ng WIMN ang kanilang boses at itinatala na ang lahat ng mga data, opinion o mungkahi ay nagmumula sa organisasyong ito at sa mga nasasakupan nito.

MANILA BAY



Buo-buong komunidad ng mga mangingisda mula sa baybayin ng Manila Bay ang nawalan ng kabuhayan bukod pa sa mahigit 2,700 katao na nawalan ng tirahan. Ang mga babaeng mangingisda ay napipilitang magdala ng karagdagang pasanin upang masiguro ang kita ng kanilang mga pamilya at upang maiwasan ang pag-alis sa kanilang mga tahanan.

Ang reklamasyon ng lupa (ang paglikha ng bagong lupa mula sa mga anyong tubig) **sa pamamagitan ng pampubliko/pribadong proyekto ay sumisira sa kapaligiran.** Nagdudulot ito ng mga sumusunod: mabilis na pag-apaw ng tubig at matagalang pagbaha; ang pagtindi ng mga "storm surge" o abnormal na pagtaas ng tubig-dagat dulot ng malakas na bagyo; ang pagbaba ng lokal na populasyon ng isda; at ang pagkawala ng kasaganaan ng yamang dagat o "biodiversity".

Ang mga kababaihan ay namumuno sa mga kilusang laban sa reklamasyon at kilusan ng hustisya para sa klima – kung saan iginigiit nila ang kanilang mga tungkulin sa pangangalaga ng kanilang mga komunidad, kabuhayan at kapaligiran. Dahil dito, sila ay inaatake at nakakaranas ng panliligalig mula sa mga pulis at pwersang militar.

ANG PAGKAWALA NG KABUHAYAN DULOT NG MGA "PROYEKTONG PANGKAUNLARAN" AY NAGIGING SANHI NG PAGPAPALAYAS

1 **Ang Navotas ang kabisera ng pangingisda sa Pilipinas** kung saan ang pagsasaka ng tahong ay isa sa pinakamalaking industriya. Ang pook na ito noon ay may mga istrukturang kahoy sa dagat kung saan nagpaparami ng mga tahong. **Libu-libong pamilya ang umaasa dito para sa kanilang kabuhayan.**

2 Noong Marso 16, 2024, **iligal na giniba ng lokal na pamahalaan ang mga istrukturang ito para bigyang-daan ang 650-ektaryang proyektong reklamasyon ng San Miguel Corporation** (SMC) na magsisilbing entrada para sa New Manila International Airport.

3 Libu-libong magsasaka ng tahong ang nawalan ng trabaho sa loob ng isang linggo at hindi binigyan ng kaukulang kabayaran o kompensasyon. **Ang mga kababaihan ay nahaharap sa dobleng pagsasamantala—una bilang mga miyembro ng isang sektor na nasa laylayan ng lipunan at pangalawa, bilang mga kababaihan na kinakaya ang pag-aalala dulot ng kawalan ng katiyakan sa ekonomiya at hindi pagkakapantay-pantay ng paggawa dahil sa kasarian.**

4 **Ang mga babaeng mangingisda** ay nagpo-protesta at nagpe-petisyon sa mga korte para igiit **na maibalik ang kanilang kabuhayan.** Ang mga kababaihan ay nag-oorganisa, nagbubuo ng mga alyansa kasama ang iba pang mga kilusan at nagpapalaganap ng balita o impormasyon tungkol sa mga proyektong ito.

MGA PANGYAYARI SA LIKOD NG PAGLABAN NG MGA PILIPINONG MANGINGISDA

bitly

"Kinuha ng mga proyekto ng reklamasyon ang aming kabuhayan."

"Ang mga likas yaman na napapakinabangan ng libu-libong tao ay inaangkin at pinagkakakitaan ng iilan lamang."

Mula sa [Women in Migration Network]() kasama ang[PAMALAKAYA-Pilipinas](), hango sa paglaban ng mga mangingisda sa paligid ng Manila bay.

ANG KILUSAN NG MGA KOMUNIDAD NG MANGINGISDA AY NAG-AANYAYA UPANG MAKIISA AT SAMAHAN SILA NA:

Himukin si Pangulong Marcos Jr. na una: maglabas ng **moratorium o suspensyon ng lahat ng proyekto ng reklamasyon at dredging** at pangalawa: **suriin ang mga sertipiko ng pagsunod sa mga regulasyon para sa kapaligiran** ng lahat ng mga proyekto ng reklamasyon sa lugar na ito na umaabot sa bilang na 22.

Pananagutin ang mga kumpanya sa kanilang paglabag sa karapatang pantao at pagkasira ng ekolohiya. **Bukod dito, dapat ding bayaran ng mga kumpanyang ito ng tamang kompensasyon ang mga apektadong komunidad** para sa mga naglaho at naapektuhang kabuhayan.

Himukin ang gobyerno ng Pilipinas na magsagawa ng isang malinaw at inklusibong pagsisiyasat sa karapatang pantao kasabay ng patuloy nitong pagsusuri sa pinagsama-samang epekto ng mga proyektong ito **sa mga lugar na nasasakupan ng Manila Bay.**

Igiit ang mga sumusunod: una ay ang pagwawakas ng panliligalig, iligal na pag-aresto at pagdukot sa mga tagapagtanggol ng kapaligiran at karapatang pantao; **at pangalawa ay ang makamtan ang katarungan at pananagutin ang mga may sala.**

Palakasin ang mga alyansa para ilantad at tutulan ang mga panganib sa kapaligiran at mga tao dulot ng mga proyekto sa reklamasyon, dredging, at kombersyon.

WIMN Women in Migration Network

PAMALAKAYA PILIPINAS